## TANGGAPAN NG SHERIFF NG SAN DIEGO COUNTY

### ABISO SA MGA NEGOSYO NA NAGTITINGI NG MARIJUANA, HEMP, AT/O SYNTHETIC NA MGA PRODUKTONG CANNABIS

**Oktubre 2024**

---

Pinapayagan ng Estado ng California ang pagbebenta ng cannabis at mga produktong mula sa cannabis bilang pagsunod lang sa mga partikular na kinakailangan sa regulasyon at paglilisensya. Napag-alaman ng Tanggapan ng Sheriff ng San Diego County na maaaring nagbebenta ang iyong negosyo ng mga produktong labag sa mga batas, kasama ang, pero hindi limitado sa, mga itinatag bilang bahagi ng California Assembly Bill 45 (2021) at mga pang-emergency na regulasyon ng gobernador na ipagbawal ang mga produktong hemp na naglalaman ng THC (2024).

Pinangangasiwaan ng industriya sa cannabis ng California par matiyak na nag-aalok ang mga negosyo na magbenta lang ng mga produktong, pinapangasiwaan, sinuri, at ligtas. Priyoridad ang kaligtasan ng mamimili. Bukod pa sa mga regulasyon sa cannabis, pinapangasiwaan din ang pang-industriyang hemp. Maaaring usigin ang labag sa batas na pagbebenta ng produktong cannabis o labag sa batas na pagbebenta ng produktong hemp sa ilalim ng pang-estado at lokal na batas at maaaring mapailalim ito sa mga karagdagang parusang sibil.

Nilalayon ng Tanggapan ng Sheriff ng San Diego County na gumamit ng pamamaraang inuuna ang edukasyon, para malaman ng mga retailer ang mga bagong regulasyon. Ang mga produktong may label na "mula sa hemp" ay maaaring magkaroon ng mga lubos na naiibang aktwal na nilalaman kumpara sa kung ano ang nakasulat sa pakete o nakalista sa ibinigay na sertipiko. Ang mga produktong mali ang label ay isyu sa kaligtasan ng publiko, at malamang ay labag sa batas. Hinihikayat ang mga retailer na humiling ng hiwalay na pagsusuri sa laboratoryo para matiyak na tumpak na nakalista sa mga label ng produkto ang mga nilalaman ng produkto. Para potensyal na mabawasan ang pananagutan ng negosyo, lubos na hinihikayat ng mga negosyo na beripikahin ang mga nilalaman ng mga produktong ibinebenta sa publiko.

Hinihiling ng Tanggapan ng Sheriff ng San Diego County na itapon ng sarili mong (mga) establisyimento sa pagtitingi ang anumang labag sa batas na produktong cannabis o hemp o isuko ang mga ito sa Tanggapan ng Sheriff ng San Diego County para sa pagtatapon sa loob ng susunod na 30 araw. Maaaring magsagawa ng aksyon sa pagpapatupad, gaya ng naaangkop, pagkatapos ng abisong ito. Ang sinumang taong gustong magsuko ng anumang produktong pinaniniwalaang labag sa batas ay maaaring gawin ito sa anumang Patrol Station ng Sheriff.

Hindi kailanman maaaring ibenta sa mga menor-de-edad na wala pang 18 taong gulang ang cannabis o mga produktong mula sa cannabis. Ang pagbebenta ng cannabis sa menor-de-edad ay mabigat na pagkakasala alinsunod sa seksyon 11361(b) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan. Ang anumang negosyong mapag-aalamang nagbebenta ng anumang produktong naglalaman ng labag sa batas na kemikal sa menor-de-edad ay magreresulta sa agarang aksyon sa pagpapatupad.

Sheriff Kelly A. Martinez<br>Tanggapan ng Sheriff ng San Diego County

Mangyaring makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Sheriff ng San Diego County sa marijuanaenforcement@sdsheriff.gov para sa karagdagang tulong o sa www.sdsheriff.gov/resources/THC para matuto pa.